

Buod ng Mga Benepisyo



Ito ay isang buod ng mga serbisyong pangkalusugan na sakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan para sa 2018. Ito ay isang buod lamang. Pakibasa ang Handbook ng Kasapi para sa buong listahan ng mga benepisyo.

- ❖ Ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ay isang planong pangkalusugan na nangongontrata kapwa sa Medicare at Medi-Cal upang magbigay ng mga benepisyo ng kapwa mga programa sa mga nagpatala. Para ito sa mga taong parehong may Medicare at Medi-Cal.
- ❖ Sa ilalim ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan, maaari mong makuha ang iyong mga serbisyong Medicare at Medi-Cal sa iisang planong pangkalusugan. Tutulong ang isang tagapagsaayos ng pangangalaga ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan na pamahalaan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.
- ❖ Hindi ito isang kumpletong listahan. Ang impormasyon sa benepisyo ay isang maikling buod, at hindi kumpletong paglalarawan ng mga benepisyo. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa plano o basahin ang Handbook ng Kasapi.
- ❖ Maaaring ilapat ang mga limitasyon, copay, at restriksyon. Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang Customer Service ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan o basahin ang Handbook ng Kasapi ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan.
- ❖ Ang Listahan ng Mga Sakop na Gamot at/o mga network ng parmasya at tagapagbigay-serbisyo ay maaaring magbago sa buong taon. Padadalhan ka namin ng abiso bago kami magsagawa ng pagbabagong makakaapekto sa iyo.
- ❖ Ang mga benepisyo at/o copay ay maaaring magbago sa Enero 1 ng bawat taon.
- ❖ Maaaring mag-iba ang mga copay para sa mga inireresetang gamot batay sa antas ng Dagdag na Tulong na inyong matatanggap. Pakikontak ang plano para sa mas marami pang detalye.
- ❖ If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call Customer Service at 1-888-244-4430, we are open 24 hours a day, 7 days a week to assist you. TTY users should call 1-855-266-4584. The call is free.
- ❖ Si usted habla español, los servicios de asistencia de idiomas están disponibles para usted de manera gratuita. Llame a



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan):

Servicio al Cliente al 1-888-244-4430, estamos disponibles para ayudarlo las 24 horas del día, los 7 días de la semana. Los usuarios de TTY deben llamar al 1-855-266-4584. La llamada es gratis.

- ❖ Nếu bạn nói tiếng việt, các dịch vụ trợ giúp ngôn ngữ, miễn phí, có sẵn cho bạn. Gọi Dịch Vụ Khách Hàng theo số 1-888-244-4430, chúng tôi mở cửa 24 giờ một ngày, 7 ngày một tuần để giúp bạn. Người dùng TTY nên gọi 1-855-266-4584. Cuộc gọi miễn phí.
- ❖ Kung nagsasalita ka ng tagalog, ang mga serbisyo sa tulong ng wika, nang libre, ay magagamit mo. Tawagan ang Customer Service sa 1-888-244-4430, bukas kami ng 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-855-266-4584. Ang tawag ay libre.

إذا اتحد كنت ث العربية، خدمات المساعدة اللغوية، مجاناً ، لك متاحة ا بخدمة تصل العملاء على 1-888-244-4430 لرقم، ومنفتحو نحن في ساعة 24

اليوم، 7 أيام في الأسبوع تي مستخدمى على يجب .لمساعدتك الاتصال 1-855-266-4584 . بالرقم ا.مجانية لمكالمة

- ❖ Maaari ninyong makuha ang dokumentong ito nang libre sa iba pang mga format, tulad ng malaking print, braille, o audio. Tawagan ang Customer Service sa 1-888-244- 4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-855-266-4584. Ang tawag ay libre.
- ❖ Kung mas gusto mong makuha ang lahat ng aming materyales, ngayon at sa hinaharap, sa isang wika maliban sa Ingles o sa isang kahaliling format tulad ng Braille, CD audio o malaking print, pakitawagan ang Customer Service Department sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-855-266-4584. Matutulungan namin kayo 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang tawag ay libre.



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Inililista ng sumusunod na tsart ang mga madalas itanong na katanungan.

Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQ)	Mga sagot
Ano ang isang Cal MediConnect plan?	Ang Cal MediConnect plan ay isang organisasyon na binubuo ng mga doktor, ospital, parmasya, tagapagbigay ng mga pangmatagalang serbisyo, at iba pang mga tagapagbigay-serbisyo. Mayroon din itong mga tagapagsaayos upang tulungan kang pangasiwaan ang lahat ng iyong tagapagbigay-serbisyo at serbisyo. Nagtutulong-tulong ang lahat ng ito upang ibigay ang kailangan mong pangangalaga. Ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) ay isang Cal MediConnect Plan na nagbibigay ng mga benepisyo ng Medi-Cal at Medicare sa mga nagpapatala.
Ano ang isang tagapagsaayos ng pangangalaga ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan?	Ang isang tagapagsaayos ng pangangalaga ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ay isang pangunahing taong kokontakin mo. Tumutulong ang taong ito na pamahalaan ang lahat ng iyong tagapagbigay-serbisyo o serbisyo at tinitiyak niyang nakukuha mo ang iyong kinakailangan.
Ano ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta o long-term services and supports (LTSS)?	<p>Ang LTSS ay para sa mga benepisyaryong nangangailangan ng tulong sa paggawa ng mga pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, pagbibihis, paggagawa ng pagkain, at pag-inom ng gamot. Karamihan sa mga serbisyong ito ay ibinibigay sa iyong tahanan o sa iyong komunidad ngunit maaaring ibigay sa isang nursing home o ospital.</p> <p>Ang LTSS ay kinabibilangan ng sumusunod na mga programa: Multipurpose Senior Services Program (MSSP), Community-Based Adult Services (CBAS), at pangmatagalang skilled nursing care na ibinibigay ng mga Nursing Facility (NF).</p>



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQ)	Mga sagot
Makukuha mo ba ang parehong benepisyong Medicare at Medi-Cal na nakukuha mo ngayon sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan?	<p>Makukuha mo ang karamihan ng iyong mga sakop na benepisyong Medicare at Medi-Cal nang direkta mula sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan. Makikipagtulungan ka sa isang team ng mga tagapagbigay-serbisyo na tutulong na tukuyin kung aling mga serbisyo ang pinakamahasay na makakatugon sa iyong mga pangangailangan. Nangangahulugan ito na ang ilan sa mga serbisyong nakukuha mo ngayon ay maaaring magbago. Kapag magpapatala ka sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect, ikaw at ang iyong team sa pangangalaga ay magtutulongan upang bumuo ng Indibidwalisadong Plano sa Pangangalaga para tugunan ang iyong mga pangangailangang pangkalusugan at pangangailangan sa suporta, na sumasalamin sa iyong mga personal na kagustuhan at layunin.</p> <p>Gayundin, kung umiinom ka ng anumang inireresetang gamot sa Bahagi D ng Medicare na hindi karaniwang sinasakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan, maaari kang makakuha ng pansamantalang suplay at tutulongan ka naming magtransisyon tungo sa ibang gamot o makakuha ng eksepsyo para sakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang iyong gamot kung medikal na kinakailangan.</p>
Maaari ka bang pumunta sa parehong mga doktor na pinupuntahan mo ngayon?	<p>Kadalasan, iyon ang kaso. Kung ang iyong mga tagapagbigay-serbisyo (kabilang ang mga doktor at parmasya) ay nagtatrabaho sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan at mayroong kontrata sa amin, maaari mong ipagpatuloy ang pagpunta sa kanila. Ang mga tagapagbigay-serbiyong mayroong kasunduan sa amin ay mga "nasa network." Kailangan mong gamitin ang mga tagapagbigay-serbisyo sa network ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan. Kung kailangan mo ng agaran o pang-emerhensiyang pangangalaga o mga serbisyong dialysis sa labas ng pinagseserbisyuhang lugar, maaari kang gumamit ng mga tagapagbigay-serbisyong wala sa network ng plano ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan.</p> <p>Upang malaman kung ang iyong mga doktor ay nasa network ng plano, tawagan ang Customer Service o basahin ang Sanggunian ng <i>Tagapagbigay-serbisyo at Parmasya</i> ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan.</p>



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

	<p>Kung bago para sa iyo ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan, makikipagtulungan kami sa iyo upang bumuo ng Indibidwalisadong Plano sa Pangangalaga para matugunan ang iyong mga pangangailangan. Maaari kang patuloy na pumunta sa mga doktor na pinupuntahan mo ngayon hanggang sa loob ng 12 buwan.</p>
<p>Ano ang mangyayari kung kailangan mo ng serbisyo ngunit walang sinuman sa network ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang makakapagbigay nito?</p>	<p>Ang karamihan ng mga serbisyo ay ibibigay ng mga tagapagbigay-serbisyo ng aming network. Kung kailangan mo ng serbisyong hindi kayang ibigay sa loob ng aming network, babayaran ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang halaga ng isang tagapagbigay-serbisyo na wala sa network.</p>



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQ)	Mga sagot
<p>Saan available ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan?</p>	<p>Ang lugar na pinagseserbisyuhan para sa planong ito ay kinabibilangan ng: County ng San Diego. Dapat kang manirahan sa lugar na ito upang makasali sa plano.</p>
<p>Magbabayad ka ba ng buwanang halaga (na tinatawag ring premium) sa ilalim ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan?</p>	<p>Hindi ka magbabayad ng anumang buwanang premium sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan para sa iyong pagkakasakop sa kalusugan.</p>
<p>Ano ang paunang awtorisasyon?</p>	<p>Ang paunang awtorisasyon ay nangangahulugang kailangan mo munang makakuha ng pag-apruba mula sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan bago makagamit ng partikular na serbisyo o gamot o magpatingin sa isang tagapagbigay-serbisyong wala sa network. Maaaring hindi sakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang serbisyo o gamot kung hindi ka kukuha ng pag-apruba.</p> <p>Kung kailangan mo ng agaran o pang-emerhensiyang pangangalaga o mga serbisyong dialysis sa labas ng pinagseserbisyuhang lugar, hindi mo na kailangang kumuha muna ng pag-apruba. Maaari kang bigyan ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ng listahan ng mga serbisyo o proseso na humihingi sa iyo na kumuha ng paunang awtorisasyon mula sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan bago ibigay ang serbisyo.</p>
<p>Ano ang isang referral?</p>	<p>Ang isang referral ay nangangahulugan na ang iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga ay dapat magbigay sa iyo ng pag-apruba na magpatingin sa ibang tao na hindi mo pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga. Kapag hindi ka nakakuha ng pahintulot, maaaring hindi sakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang mga serbisyo. Mayroong ilang tukoy na mga ispesyalista kung saan hindi mo na kailangan ng referral, tulad ng mga ispesyalista sa kalusugan ng kababaihan. Para sa higit pang impormasyon sa kung kailan kailangan ang isang referral, tingnan ang Handbook ng Kasapi.</p>



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQ)	Mga Sagot
Ano ang Dagdag na Tulong?	<p>Ang Dagdag na Tulong ay isang programang Medicare na tumutulong na pababain ang iyong mga gastos sa programa sa inireresetang gamut tulad ng mga copay. Kabilang na sa iyong mga copay sa mga inireresetang gamot sa ilalim ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang halaga ng Dagdag na Tulong na magiging kwalipikado kang tanggapin. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Dagdag na Tulong, kontakin ang iyong lokal na tanggapan ng Social Security, o tawagan ang Social Security sa 1-800-772-1213. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-325-0778.</p>
Sino ang dapat mong kontakin kung mayroon kang mga katanungan o kailangan mo ng tulong?	<p>Kung mayroon kang mga pangkalahatang tanong o tanong tungkol sa aming plano, serbisyo, lugar na pinagseserbisyuhan, billing, o mga ID card ng pagiging miyembro, pakitawagan ang Customer Service ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan:</p> <p>TAWAGAN ANG 1-888-244-4430</p> <p>Libre ang mga tawag sa mga numerong ito. Matutulungan ka namin, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaari mong hilinging makakuha ng impormasyong ito sa iba pang mga format, tulad ng Braille, CD audio o malaking print.</p> <p>Mayroon ding mga libreng serbisyo sa pagsasalin ng wika ang Customer Service na magagamit ng mga taong hindi nagsasalita ng Ingles.</p> <p>TTY 1-855-266-4584</p> <p>Ang numerong ito ay para sa mga taong may mga problema sa pandinig o pagsasalita. Kailangang mayroon kang espesyal na kagamitan ng telepono upang matawagan ito.</p> <p>Libre ang mga tawag sa mga numerong ito. Matutulungan ka namin, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.</p>



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQ)	Mga Sagot
Sino ang dapat mong kontakin kung mayroon kang mga katanungan o kailangan mo ng tulong? (itinuloy)	<p>Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong kalusugan, pakitawagan ang linya ng Nars ng Pagpapayo sa Telepono:</p> <p>TAWAGAN ANG 1-800-647-6966</p> <p>Libre ang mga tawag sa mga numerong ito. Matutulungan ka namin, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaari mo ring hilingin ang impormasyong ito sa iba pang mga format, tulad ng Braille o malaking print.</p> <p>TTY 1-855-266-4584</p> <p>Ang numerong ito ay para sa mga taong may mga problema sa pandinig o pagsasalita. Kailangang mayroon kang espesyal na kagamitan ng telepono upang matawagan ito.</p> <p>Libre ang mga tawag sa mga numerong ito. Matutulungan ka namin, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.</p> <p>Kung kailangan mo ng agarang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, pakitawagan ang Linya ng Krisis sa Kalusugan ng Pag-uugali:</p> <p>TAWAGAN ANG 1-800-404-3332</p> <p>Libre ang mga tawag sa mga numerong ito. Matutulungan ka namin, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaari mong hilingin ang impormasyong ito sa iba pang mga format, tulad ng Braille, CD Audio o malaking print.</p> <p>TTY 1-855-266-4584</p> <p>Ang numerong ito ay para sa mga taong may mga problema sa pandinig o pagsasalita. Kailangang mayroon kang espesyal na kagamitan ng telepono upang matawagan ito.</p> <p>Libre ang mga tawag sa mga numerong ito. Matutulungan ka namin, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.</p>



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**


Ang sumusunod na tsart ay isang mabilis pangkalahatang-ideya ng kung anong mga serbisyo ang maaari mong kailanganin, ang iyong mga gastos at mga patakaran tungkol sa mga benepisyo.

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Ang iyong mga gastos para sa mga tagapagbigay-serbisyo <u>ng network</u>	Mga hangganan, eksepsyon, at impormasyon sa mga benepisyo (mga patakaran tungkol sa mga benepisyo)
Nais mong magpatingin sa doktor	Mga pagbisita upang gamutin ang isang pinsala o sakit	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga pagbisita para sa kaayusan, tulad ng pisikal	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Transportasyon tungo sa opisina ng doktor	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Pangangalaga ng ispesyalista	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Pangangalaga upang protektahan ka sa pagkakasakit, tulad ng mga turok laban sa trangkaso	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Pangontrang pagbisitang "Maligayang Pagdating sa Medicare" (isang beses lang)	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Kailangan mo ng mga pagsusuring medikal	Mga pagsusuri sa laboratoryo, tulad ng mga gawain sa dugo	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga x-ray o iba pang larawan, tulad ng mga CAT scan	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga pagsusuring pansala, tuald ng mga pagsusuri para sa kanser	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.

? **Kung mayroon kang mga katanungan**, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Ang iyong mga gastos para sa mga tagapagbigay-serbisyo <u>ng network</u>	Mga hangganan, eksepsyon, at impormasyon sa mga benepisyo (mga patakaran tungkol sa mga benepisyo)
<p>Kailangan mo ng mga gamot upang lunasan ang iyong sakit o kondisyon</p>	<p>Mga generic na gamot (walang brand name)</p>	<p>\$0 para sa suplay na pang-31 araw</p>	<p>Maaaring mayroong mga limitasyon sa mga tipo ng gamot na sinasakop. Pakitingnan ang Listahan ng Mga Sakop na Gamot (Listahan ng Gamot) ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan para sa higit pang impormasyon.</p> <p>Para sa ilang gamot, maaari kang makakuha ng pangmatagalang suplay (na tinatawag rin bilang "pinahabang suplay") kapag pinapunuan mo ang iyong reseta. Ang isang pangmatagalang suplay ay hanggang 93 araw na suplay. Pareho ang halaga nito sa isang buwang suplay at maaari mong makuha ang mga ito sa isang retail na parmasya o sa pamamagitan ng mail order na parmasya.</p>

 **Kung mayroon kang mga katanungan**, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Ang iyong mga gastos para sa mga tagapagbigay-serbisyo ng network	Mga hangganan, eksepsyon, at impormasyon sa mga benepisyo (mga patakaran tungkol sa mga benepisyo)
<p>Kailangan mo ng mga gamot upang lunasan ang iyong sakit o kondisyon (itinuloy)</p>	<p>Gamot na may brand name</p>	<p>Depende sa iyong kita at katayuang institusyonal, babayaran mo ang sumusunod para sa suplay na pang-31 araw o 93 araw.</p> <p>Mga gamot na may brand name na itinuturing bilang generic:</p> <p>\$0 co-pay</p> <p>Para sa lahat ng iba pang gamot, alinman sa:</p> <p>\$ 0 co-pay; o \$3.70 co-pay, o \$8.35 co-pay.</p> <p>Maaaring mag-iba ang mga copay para sa mga inireresetang gamot batay sa antas ng Dagdag na Tulong na inyong matatanggap.</p> <p>Pakikontak ang plano para sa mas marami pang detalye.</p>	<p>Maaaring mayroong mga limitasyon sa mga tipo ng gamot na sinasakop. Pakitingnan ang Listahan ng Mga Sakop na Gamot (Listahan ng Gamot) ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan para sa higit pang impormasyon.</p> <p>Para sa ilang gamot, maaari kang makakuha ng pangmatagalang suplay (na tinatawag rin bilang "pinahabang suplay") kapag pinapunuan mo ang iyong reseta. Ang isang pangmatagalang suplay ay hanggang 93 araw na suplay. Pareho ang halaga nito sa isang buwang suplay at maaari mong makuha ang mga ito sa isang retail na parmasya o sa pamamagitan ng mail order na parmasya.</p>



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Ang iyong mga gastos para sa mga tagapagbigay-serbisyo ng network	Mga hangganan, eksepsyon, at impormasyon sa mga benepisyo (mga patakaran tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga gamot upang lunasan ang iyong sakit o kondisyon (itinuloy)	Mga gamot na over-the-counter	\$0 para sa suplay na pang-31 araw \$0 para sa suplay na pang-93 araw	Maaaring mayroong mga limitasyon sa mga tipo ng gamot na sinasakop. Pakitingnan ang Listahan ng Mga Sakop na Gamot (Listahan ng Gamot) ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan para sa higit pang impormasyon.
	Mga inireresetang gamot sa Bahagi B ng Medicare	\$0	Ang mga gamot sa Bahagi B ay kinabibilangan ng mga gamot na ibinibigay ng iyong doktor sa kanyang opisina, ilang oral na gamot para sa kanser, at ilang gamot na ginagamitan ng ilang tukoy na kagamitang medikal. Basahin ang Handbook ng Kasapi para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga gamot na ito.
Kailangan mo ng terapiya pagkatapos ng isang stroke o aksidente	Terapiyang occupational, pisikal, o sa pananalita	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Kailangan mo ng pangangalagang pang-emerhensiya	Mga serbisyo sa emergency room	\$0	Ang mga serbisyo sa emergency room ay ibinibigay din sa labas ng network (Out Of Network o OON) at nang walang paunang awtorisasyon.
	Mga serbisyong ambulansya	\$0	Hindi kailangan ang awtorisasyon para sa pang-emerhensiyang transportasyon.
	Agarang pangangalaga	\$0	Maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa agarang pangangalaga anumang oras na kailanganin mo nito, saanman sa Estados Unidos o sa mga teritoryo nito, nang walang paunang awtorisasyon.



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Ang iyong mga gastos para sa mga tagapagbigay-serbisyo <u>ng</u> network	Mga hangganan, eksepsyon, at impormasyon sa mga benepisyo (mga patakaran tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa ospital	Pamamalagi sa ospital	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Pangangalaga ng doktor o siruhano	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Kailangan mo ng tulong sa pagpapagaling o mayroon kang mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan	Mga serbisyong rehabilitasyon	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Kagamitang medikal para sa pangangalaga sa tahanan	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Skilled nursing care	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Kailangan mo ng pangangalaga sa mata	Mga pagsusuri sa mata	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Salamin o mga contact lens	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Kailangan mo ng mga serbisyo sa pandinig o auditory	Mga pagsusuri sa pandinig	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga tulong sa pandinig	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Mayroon kang malubang kondisyon, tulad ng dyabetes o sakit sa puso	Mga serbisyo upang makatulong sa pamamahala ng iyong sakit	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga suplay at serbisyong pang-dyabetes	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Mayroon kang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan	Mga serbisyong pangkaisipan o serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Mayroon kang problema sa pag-abuso ng substansya	Mga serbisyo sa pag-abuso ng substansya	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Kailangan mo ng mga pangmatagalang serbisyo sa kalusugang pangkaisipan	Inpatient na pangangalaga para sa mga taong nangangailangan ng pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Kailangan mo ng matitibay na kagamitang medikal o durable medical equipment (DME)	Mga wheelchair	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga Nebulizer	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga saklay	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Ang iyong mga gastos para sa mga tagapagbigay-serbisyo <u>ng network</u>	Mga hangganan, eksepsyon, at impormasyon sa mga benepisyo (mga patakaran tungkol sa mga benepisyo)
	Mga walker	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga oxygen equipment at supply	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Kailangan mo ng tulong sa paninirahan sa iyong tahanan	Mga pagkaing dinadala sa iyong tahanan	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga serbisyong pantahanan, tulad ng paglilinis o pagpapanatili ng kaayusan sa bahay	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga pagbabago sa iyong tahanan, tulad ng mga rampa at akses ng wheelchair	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Pagsasanay upang tulungan kang makahanap ng mga bayad o walang bayad na trabaho	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Kailangan mo ng tulong sa paninirahan sa iyong tahanan (itinuloy)	Mga serbisyo sa pantahanang pangangalagang pangkalusugan	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga serbisyo upang tulungan kang mamuhay nang mag-isa	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Mga serbisyong pang-araw o iba pang serbisyong pansuporta para sa mga may sapat na gulang	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Kailangan mo ng matitirhang lugar na may mga taong makakatulong sa iyo	Pamumuhay nang may nakaalalay o iba pang mga serbisyong pabahay	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
	Pangangalaga sa nursing home	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.
Kailangang magpahinga ng iyong caregiver	Pangangalaga sa panahon ng pahinga	\$0	Maaaring ilapat ang mga patakaran sa awtorisasyon.



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Iba pang mga serbisyong sinasakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan

Hindi ito isang kumpletong listahan. Tawagan ang Customer Service o basahin ang Handbook ng Kasapi upang malaman ang tungkol sa ibang mga sakop na serbisyo.


Iba pang mga serbisyong sakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan	Ang iyong mga gastos para sa mga tagapagbigay-serbisyo <u>ng network</u>
Hanggang \$200.00 para sa salamin (mga frame at lens) o contact lens	\$0
Buwanang pagpapamiyembro sa gym kapag awtorisado ng nars o tagapamahala ng kaso	\$0
Pagbagay sa tahanan (hanggang maksimum na \$800 kada taon)	\$0

Mga benepisyong sinasakop sa labas ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan

Hindi ito isang kumpletong listahan. Tawagan ang Customer Service upang malaman ang tungkol sa iba pang mga serbisyong hindi sinasakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ngunit magagamit sa pamamagitan ng Medicare o Medi-Cal.

Iba pang mga serbisyong sakop ng Medicare o Medi-Cal	Iyong mga gastos
Ilang mga serbisyong pangangalaga sa hospisyo	\$0
Mga serbisyong pagsasaayos bago ang transisyon at mga serbisyo pagkatapos ng transisyon ng Mga Transisyon sa Komunidad ng California o California Community Transitions (CCT)	\$0
Ilang tukoy na serbisyo, tulad ng paglilinis, pagpupuno, at kumpletong pustiso	Ang mga serbisyong sakop sa ilalim ng Medi-Cal Dental Program ay hindi maaaring isingil sa iyo. Gayunman, may pananagutan ka sa iyong bahagi sa halaga ng gastos, kung naaangkop. Ikaw ay responsable sa pagbabayad ng mga serbisyong hindi sakop ng aming plano o ng Medi-Cal.


Mga serbisyong hindi sakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan, Medicare, at Medi-Cal

 **Kung mayroon kang mga katanungan**, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Hindi ito isang kumpletong listahan. Tawagan ang Customer Service upang malaman ang tungkol sa iba pang mga serbisyong hindi-sakop.

Mga serbisyong <u>hindi</u> sakop ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan, Medicare, o Medi-Cal	
Nakagawiang pangangalaga sa paa	
Buong panahong pangangalaga ng nars sa iyong tahanan	
Isang pribadong kwarto sa isang ospital, maliban kung ito ay medikal na kinakailangan	
Pagbabaligtad ng mga prosesong isterilisasyon at mga hindi inireresetang suplay ng contraceptive	

 **Kung mayroon kang mga katanungan**, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan, mayroon kang ilang tukoy na karapatan. Maaari mong gamitin ang mga karapatang ito nang hindi pinaparusahan. Maaari mo ring gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nawawala sa iyo ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Sasabiihan ka namin tungkol sa iyong mga karapatan nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, pakibasa ang Handbook ng Kasapi. Ang iyong mga karapatan ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

▪ **Mayroon kang karapatan sa paggalang, pagkapatas at karangalan.** Kabilang dito ang karapatang:

- » Makakuha ng mga sakop na serbisyo nang walang pag-aalala tungkol sa lahi, etnisidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, edad, kapansanan sa pag-iisip o pisikal na kapansanan, sekswal na oryentasyon, genetikong impormasyon, kakayahang magbayad, o kakayahang magsalita ng Ingles
- » Makakuha ng impormasyon sa iba pang mga format (ibig sabihin, malaking print, braille, at/o audio)
- » Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o paghihiwalay
- » Hindi singilin ng mga tagapagbigay-serbisyo ng network
- » Masagot nang kumpleto at magalang ang iyong mga tanong at alalahanin

▪ **Mayroon kang karapatang makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan.**

Kabilang dito ang impormasyon sa paggamot at ang iyong mga opsyon sa pagpapagamot. Ang impormasyong ito ay dapat nasa format na mauunawaan mo. Ang mga karapatang ito ay kinabibilangan ng pagkuha ng impormasyon tungkol sa:

- » Paglalarawan ng mga serbisyong sinasakop namin
- » Paanong makakakuha ng mga serbisyo
- » Gaano kalaki ang iyong gagastusin sa mga serbisyo
- » Mga pangalan ng mga tagapagbigay ng serbisyong pangangalagang pangkalusugan at mga tagapamahala ng pangangalaga

▪ **Mayroon kang karapatang gumawa ng desisyon tungkol sa iyong pangangalaga, kabilang ang pagtanggihan sa pagpapagamot.** Kabilang dito ang karapatang:

- » Pumili ng Pangunahing Tagapagbigay ng Pangangalaga o Primary Care Provider (PCP) at maaari mong palitan ang iyong PCP anumang oras
- » Magpatingin sa isang tagapagbigay ng serbisyong pangangalagang pangkalusugan ng kababaihan nang walang referral
- » Makuha ang iyong mga sakop na serbisyo at gamot nang mabilis
- » Malaman ang lahat ng opsyon sa pagpapagamot, anuman ang kanilang halaga o kung sinasakop man sila
- » Tanggihan ang pagpapagamot, kahit pa pinapayuhan ka ng iyong doktor laban dito
- » Tumigil sa pag-inom ng gamot



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

- » Humingi ng pangalawang opinyon. Magbabayad ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan para sa halaga ng iyong pagbisita para sa pangalawang opinyon.
- » Gumawa at magpatupad ng paunang direktiba, tulad ng isang habilin o kinatawan sa pangangalagang pangkalusugan.
- **Mayroon kang karapatang iakses nang nasa panahon ang pangangalagang nang walang anumang balakid sa komunikasyon o pisikal na akses.** Kabilang dito ang karapatang:
 - » Tumanggap ng napapanahong medikal na pangangalaga
 - » Pumasok at lumabas sa opisina ng isang tagapagbigay ng serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Nangangahulugan ito ng akses na walang balakid para sa mga taong may kapansanan, sang-ayon sa Americans with Disabilities Act.
 - » Magkaroon ng mga tagasalin upang tulungan kang makipagkomunika sa iyong mga doktor at sa iyong planong pangkalusugan. Tawagan ang 1-888-244-4430 kung kailangan mo ng tulong sa serbisyong ito, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-855-266-4584
- **Mayroon kang karapatang humiling ng pang-emerhensiya at madaliang pangangalaga kapag kailangan mo nito.** Nangangahulugan ito na may karapatan kang:
 - » Makakuha ng mga serbisyong pang-emerhensiya, 24
- na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, nang walang paunang pag-apruba sa isang emerhensiya
- » Magpatingin sa isang tagapagbigay ng pang-akaran o pang-emerhensiyang pangangalaga sa labas ng network, kung kinakailangan
- **Mayroon kang karapatan sa pagiging kompidensyal at pagkapribado.** Kabilang dito ang karapatang:
 - » Humingi at makakuha ng kopya ng iyong mga medikal na rekord sa paraang nauunawaan mo at humiling na baguhin o itama ang iyong mga rekord
 - » Mapanatiling pribado ang iyong personal na impormasyong pangkalusugan
- **Mayroon kang karapatang magreklamo tungkol sa iyong mga sakop na serbisyo o pangangalaga.** Kabilang dito ang karapatang:
 - » Magsampa ng reklamo o karaingan laban sa amin o sa aming mga tagapagbigay-serbisyo. Mayroon ka ring karapatang iapila ang ilang tukoy na desisyon na ginawa namin o ng aming mga tagapagbigay-serbisyo
 - » Humiling ng Independiyenteng Pagsusuring Medikal ng mga serbisyong Medi-Cal o mga item na may medikal na kalikasan mula sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California
 - » Humiling ng patas na pagdinig ng estado mula sa Estado ng California
 - » Makakuha ng detalyadong dahilan kung bakit tinanggihan ang mga serbisyo



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, maaari mong basahin ang Handbook ng Kasapi ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan. Kung mayroon kang mga katanungan, maaari mo ring tawagan ang Customer Services ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan.



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): **Buod ng Mga**

Kung mayroon kang reklamo o sa tingin mo ay dapat naming sakupin ang isang bagay na tinanggihan namin

Kung mayroon kang reklamo o sa tingin mo ay dapat sakupin ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan ang isang bagay na tinanggihan namin, tawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-855-266-4584. Maaari mong iapila ang aming desisyon.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga reklamo at apila, maaari mong basahin ang Kabanata 9 ng Handbook ng Kasapi ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan. Maaari mo ring tawagan ang Customer Service ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan.

Maaari kang magsampa ng karaingan sa pamamagitan ng pagkontak sa Customer Service Department ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect nang walang bayad sa 1-888- 244-4430 (TTY 1-855-266-4584). Matatawagan ang mga kinatawan ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga pista opisyal. Maaari mong piliing isumite ang iyong Karaingan sa isang sulat at ipadala iyon nang direkta sa CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa sumusunod na address:

CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan

Attention: Appeals Manager
2420 Fenton Street, Suite 100
Chula Vista, CA 91914
O mag-fax sa (619) 407-4646

Kung may pinaghihinalaan kang panloloko

Karamihan ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at organisasyong nagbibigay ng mga serbisyo ay tapat. Sa kasamaang palad, maaaring mayroong ilang manloloko.

Kung sa tingin mo ang isang doktor, ospital, o ibang parmasya ay may ginagawang mali, pakikontak kami.

- Tawagan kami sa Customer Service ng CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan. Ang mga numero ng telepono ay nasa pabalat ng buod na ito.
- O kaya, tawagan ang 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048. Maaari mong tawagan ang mga numerong ito nang libre, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
- Maaari mo ring tawagan ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan o Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Fraud Hotline sa 1-800-822-6222.



Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang CommuniCare Advantage Cal MediConnect Plan sa 1-888-244-4430, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1- 855-266-4584, bukas kami nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang tulungan ka. Ang tawag ay libre. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.chgsd.com.